# Mga Tip para sa Pagiging Kuwalipikado sa California Training Benefits

**Wala ka bang trabaho at naglalayong mapabuti ang iyong kasanayan o makahanap ng bagong karera? Maaaring angkop ang California Training Benefits para sa iyo!**




## ANO ANG CALIFORNIA TRAINING BENEFITS?

Pinahihintulutan ng California Training Benefits (CTB, Mga Benepisyo ng Pagsasanay ng California) na mapalawak mo ang iyong edukasyon, mapabuti ang iyong mga kasanayan, o matuto ng bagong hanapbuhay sa pamamagitan ng pagdalo sa aprubadong paaralan o programa ng pagsasanay ng Employment Development Department (EDD, Kagawaran sa Pagpapaunlad ng Empleo) habang tumatanggap ka ng mga benepisyo ng Unemployment Insurance (UI, Seguro sa Pagkawala ng Trabaho).

### Mga Dahilan upang Lumahok

Ang mga kuwalipikadong kalahok ng CTB ay maaaring:

- Mapabuti ang kanilang mga umiiral na kaalaman at kasanayan.
- Magpaunlad ng mga bagong kasanayan para sa isang kapanapanabik na landas ng karera.
- Potensiyal na makatanggap ng dagdag na linggo ng mga benepisyo ng UI kung naaprubahan para sa isang pagpapatuloy ng pagsasanay.

Kung naaprubahan para sa CTB, magkakaroon ka ng eksemsiyon mula sa mga lingguhang pangangailangan sa pagiging kuwalipikado ng UI upang maging *available for work* (maaaring magtrabaho), *actively look for work* (aktibong naghahanap ng trabaho), at *accept work* (tumatanggap ng trahabo), habang dumadalo ka sa isang aprubadong paaralaan o programa ng pagsasanay ng EDD.

## APAT NA HAKBANG UPANG MAGING KUWALIPIKADO PARA SA CTB

Upang makalahok sa CTB, kailangan mong magkaroon ng isang umiiral at balidong paghahabol sa UI at matugunan ang lahat ng iba pang mga pangangailangan sa pagiging kuwalipikado ng UI.

***HAKBANG 1 - Ipahayag ang Iyong Interes sa CTB***

Makipag-ugnayan sa EDD nang online, sa pamamagitan ng telepono, o sa personal na pagpunta sa America's Job Center of California℠ (AJCC) sa lalong madaling panahon upang ipahayag ang iyong interes sa CTB.

**Mahalaga:** Upang makonsidera para sa isang pagpapatuloy ng pagsasanay, kailangan mong makipag-ugnayan sa EDD bago mo tanggapin ang iyong ika-16 na linggo ng mga pagbabayad ng benepisyo ng UI.

***HAKBANG 2 - Humanap ng Programang Nagbibigay-Kuwalipikasyon***

Maaari kang maghanap ng iba't ibang mga paaralan at programa ng pagsasanay na matutugunan ang iyong mga layunin sa karera at gagawin kang kuwalipikado para sa CTB. *Para sa impormasyon sa mga kuwalipikadong programa ng pagsasanay na angkop para sa iyo, tingnan ang* **Mga Uri ng Mga Kuwalipikadong Programa ng Pagsasanay** *na seksiyon*.

Kung dadalo ka sa mga partikular na programang inorganisa ng pamahalaan o pagsasanay na ini-sponsor ng isang tagapag-empleo, samahan sa kalakal, o unyon, maaari kang maging pre-approved (aprubado na bago ang aplikasyon) para sa CTB. Gayunman, kakailanganin ng EDD na patunayan ang iyong pagpapatala at pagdalo sa pagsasanay. Kung inasikaso mo ang iyong sariling pagsasanay, kailangan mong matugunan ang lahat ng mga pamantayan upang maging kuwalipikado para sa CTB.

***HAKBANG 3 - Iulat ang Simula ng Pagdalo***

Kung kasalukuyan kang dumadalo sa paaralan o isang programa ng pagsasanay, iulat sa EDD ang iyong pagdalo kapag magpapatala o muling magbubukas ng isang paghahabol sa UI. Kung hindi man, ipagbigay-alam sa EDD sa linggo kung kailan mo **sinimulan** ang pag-aaral o pagsasanay kapag hihingi ng sertipikasyon para sa mga benepisyo. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa EDD nang online, sa pamamagitan ng telepono, o sa personal na pagpunta sa iyong lokal na AJCC. Kailangan mo lamang iulat ang simula ng iyong pagdalo sa linggo kung kailan mo sinimulan ang pag-aaral o pagsasanay.*

*** Para sa pagsasanay sa Workforce Innovation and Opportunity Act (WIOA, Batas sa Inobasyon at Oportunidad para sa Kalipunan ng Mga Manggagawa) o Trade Adjustment Assistance (TAA, Tulong para sa Pagbabago sa Kalakal), makipag-ugnayan sa iyong kinatawan sa AJCC upang iulat ang iyong pagdalo.**

***HAKBANG 4 - Magbigay ng Impormasyon sa Pagsasanay***

Kakailanganin ng EDD ang impormasyon tungkol sa iyong paaralan o programa ng pagsasanay upang matukoy ang iyong pagiging kuwalipikado para sa CTB. Maaari kang makatanggap ng isang kuwestiyonaryo sa pamamagitan ng liham o mabigyan ng iskedyul para sa isang interbyu sa telepono na gagawin ng isang kinatawan ng EDD.

Maging handa na ibigay ang mga petsa at iskedyul ng iyong pagdalo, kabilang ang anumang mga araw ng pahinga o pista opisyal, ang iyong okupasyon ng pagsasanay o mga layunin sa karera, at impormasyon tungkol sa paaralan o pasilidad ng pagsasanay. Maaaring kailanganin ang pagpapatunay ng iyong pagdalo mula sa isang awtorisadong kinatawan sa iyong paaralan o pasilidad ng pagsasanay sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang suplementong kuwestiyonaryo.

**Mahalaga:** Kumpletuhin at ibalik ang anumang mga form sa lalong madaling panahon at maging available para sa iyong nakatakdang interbyu sa telepono upang matiyak ng EDD ang iyong pagiging kuwalipikado para sa CTB.

### *Pagkatapos Mong Mag-aplay*

Magpapadala ang EDD ng isang *Notice of Determination*, DE 180, (Abiso ng Pagpapasiya), kalakip ang mga resulta ng iyong kuwalipikasyon. Kung kuwalipikado ka para sa CTB, ipaliliwanag ng abiso ang iyong mga karapatan at tungkulin.

Kung hindi ka kuwalipikado para sa CTB, maaari kang magpatuloy sa pagtanggap ng mga benepisyo ng UI habang dumadalo sa paaralan o pagsasanay. Gayunman, kailangang tiyakin ng EDD kung ikaw ay maaaring magtrabaho, aktibong naghahanap ng trabaho, handang tumanggap ng trabaho, at natutugunan ang lahat ng iba pang mga pangangailangan sa pagiging kuwalipikado.

**Mahalaga:** Kailangan mong patuloy na humingi ng sertipikasyon para sa mga benepisyo ng UI habang dumadalo ka sa paaralan o pagsasanay. Ipagbigay-alam sa EDD kung may anumang pagbabago sa mga petsa ng pagdalo o sa iyong programa ng pagsasanay.

### *Mga Pagpapatuloy ng Pagsasanay*

Kung kuwalipikado ka para sa CTB, maaari ka ring maging kuwalipikado para sa isang pagpapatuloy ng pagsasanay upang kumpletuhin ang mga higit na pangmatagalang pag-aaral o programa ng pagsasanay. Maaari kang tumanggap ng pinakamataas na halaga na aabot hanggang sa 52 ulit ng lingguhang halaga ng benepisyo ng iyong paghahabol sa UI, kabilang ang anumang mga regular o pinahabang benepisyo ng UI na mapapakinabangan mo. Pinapayagan ang isa lamang na pagpapatuloy ng pagsasanay para sa bawat programa ng pagsasanay na aprubado ng CTB.

### *Mga Uri ng Mga Kuwalipikadong Programa ng Pagsasanay*

May dalawang paraan upang maging kuwalipikado para sa CTB. Maaari kang lumahok sa isa sa mga pre-approved na programa ng pagsasanay na nakalista sa ibaba o asikasuhin ang iyong sariling pagsasanay na matutugunan ang mga legal na pamantayan.

### *Mga Pre-Approved na Programa ng Pagsasanay*

#### Eligible Training Provider List (ETPL)

Ang California ETPL (California Eligible Training Provider List o Listahan ng Kuwalipikadong Provider ng Pagsasanay ng California) ay isang listahan ng mga provider ng pagsasanay na aprubado ng estado na tumutugon sa mga pamantayan ng Federal Workforce Innovation and Opportunity Act (WIOA). Kabilang sa ETPL ang isang malawak na saklaw ng mga programa sa edukasyon na kinabibilangan ng pansilid-aralan at online na paaralan o pagsasanay.

Upang makahanap ng provider ng ETPL, bisitahin ang **caljobs.ca.gov**. Piliin ang **More Career Services** (Higit pang Mga Serbisyo sa Karera) na link upang ma-access ang CalJOBS℠ na sistema. Pumunta sa **Education Services** (Mga Serbisyo ng Edukasyon) na tab at piliin ang **Training Providers and Schools** (Mga Provider ng Pagsasanay at Mga Paaralan) na link.

#### Workforce Innovation and Opportunity Act (WIOA)

Nagbibigay ang pederal na WIOA ng mga serbisyo o pondo o pareho sa mga naghahanap ng trabaho para sa empleo, edukasyon, pagsasanay, at iba pang mga serbisyong pansuporta upang magkamit ng isang trabaho.

#### Trade Adjustment Assistance (TAA)

Tinutulungan ng pederal na TAA ang mga manggagawa na nawalan o maaaring mawalan ng kanilang mga trabaho dulot ng panlabas na kalakalan o pagbabago sa produksiyon sa ibang mga bansa.

#### Pagsasanay sa Apprenticeship

Maaaring kabilangan ang mga programa sa apprenticeship ng mga pagsasanay sa trabaho na may sahod at iba pang mga oportunidad na magkamit ng mga kasanayan sa mga trabahong may mataas na pangangailangan at magkamit ng mga kredito sa edukasyon habang nagtatrabaho ka.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga programa sa apprenticeship, bisitahin ang California Department of Industrial Relations (Kagawaran ng Mga Ugnayang Industriyal ng California), Division of Apprenticeship Standards (Dibisyon ng Mga Pamantayan sa Apprenticeship) sa **dir.ca.gov/DAS**.

#### Employer Training Panel (ETP)

Nagbibigay ng pondo ang California ETP (Employer Training Panel o Panel ng Pagsasanay ng Tagaempleo) sa mga tagapag-empleo para sa akmang pagsasanay upang makatulong sa pagpapabuti ng mga kasanayan ng kanilang mga manggagawa.

#### California Work Opportunity and Responsibility to Kids (CalWORKS)

Nagbibigay ang programang CalWORKs (California Work Opportunity and Responsibility to Kids o Oportunidad sa Trabaho at Tungkulin sa Mga Bata ng California) ng mga oportunidad sa trabaho at pagsasanay para sa mga kuwalipikadong indibidwal na nakarehistro sa CalWORKs.

#### Pagsasanay na Ini-sponsor ng Unyon, Samahan sa Kalakal o Empleyado

Maaaring maging pre-approved para sa paglahok sa CTB ang mga journey-level (nagsasanay pa lamang) na miyembro at empleyado ng unyon o samahan sa kalakal o mga kalahok na ini-sponsor ng samahan ng tagapag-empleo. Dapat na may kaugnayan ang pagsasanay sa industriya at kinakailangan ito upang mapanatili ang iyong trabaho o upang higit na maging matagisin sa pagkamit ng empleo.

#### Programa sa Kakayahan sa Pagtuturo

Ang ilang mga guro sa pampublikong paaralan ay maaaring maging pre-approved na may patunay ng EDD para sa mga programa sa kakayahan sa pagtuturo sa matematika, agham, at espesyal na edukasyon para sa mga guro ng K-12 na nagtuturo ng isang asignatura. Kailangang aprubahan ang program ng Commission on Teacher Credentialing (Komisyon sa Pagpapahusay ng Guro).

### *Self-Arranged na Pagsasanay*

Kung inasikaso at pinondohan mo ang iyong sariling pagsasanay, maaari kang maging kuwalipikado para sa CTB hanggang natutugunan mo ang mga legal na pamantayan. Sa karamihan ng mga pagkakataon, kailangang wala kang trabaho nang hindi bababa sa apat na linggo dulot ng kakulangan sa pangangailangan sa iyong mga kasalukuyang kasanayan sa lokal na merkado ng paggawa.

Kailangang matugunan ang lahat ng mga sumusunod na pamantayan kung inasikaso at pinondohan mo ang iyong sariling pagsasanay. Ang paaralan o pagsasanay ay dapat na:

- May kaugnayan sa isang okupasyon o kasanayan na may pangangailangan sa merkado ng paggawa sa California kung saan mo planong maghanap ng trahabo.
- May pagkilala mula sa United States Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos) o sa California Bureau for Private Postsecondary Education (Kawanihan para sa Pribadong Edukasyon pagkatapos ng Sekundarya ng California).
- Nakumpleto sa loob ng makatwirang panahon, na karaniwang nasa 2 taon.
- Regular, na karaniwang tinutukoy na hindi bababa sa 20 oras kada linggo, o 12 yunit ng semestre o tig-tatlong buwan (quarter).
- Higit sa 3 taon pagkatapos ng petsa ng pagsisimula sa anumang nakaraang paglahok sa CTB.

Kailangan mong makumpleto nang matagumpay ang programa ng pagsasanay, *kahit hindi sapat ang pinakamataas na halaga ng mga benepisyo ng UI upang masaklaw ang buong panahon ng pagsasanay*.

### *Gastusin sa Pagsasanay*

Hindi sinasaklaw ng EDD ang anumang gastusing may kinalaman sa pagsasanay tulad ng matrikula, mga kabayaran, mga libro, mga gamit, o transportasyon. Gayunman, maaari kang maging kuwalipikado sa anumang iba pang pang-estado, pederal, o pribadong pinansiyal na tulong. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang **studentaid.gov**.

### *Mga Pagpaplano at Mapagkukunan sa Karera*

Nagbibigay ang EDD ng mga online o personal na sanggunian upang makatulong sa paghahanap ng trabaho at pagpapabuti ng iyong mga kasanayan upang mapalawak pa ang iyong mga layunin sa karera.

Nagbibigay ang Labor Market Information Data Library (Aklatan ng Mga Datos sa Impormasyon ng Bilihan ng Paggawa) ng EDD ng mga impormasyon mula sa web upang madaling makapanaliksik ng mga trabahong mabilis na dumarami, makahanap ng mga impormasyon sa sahod, at maunawaan ang iyong lokal na merkado ng paggawa. Upang ma-access ang aklatan ng mga datos, bisitahin ang **labormarketinfo.edd.ca.gov**.

Ang mga tanggapan ng America's Job Center of California℠ (AJCC) ay nagbibigay ng personal na tulong sa mga naghahanap ng trabaho. Maaari kang makatanggap ng tulong upang masuri ang iyong mga kasanayan, makahanap ng pagsasanay, makakita ng mga oportunidad sa trabaho, makapaghanda ng résumé, at higit pa. Upang mahanap ang pinakamalapit na AJCC, bisitahin ang **edd.ca.gov/office_locator**.

### *Para sa Higit pang Impormasyon*

Para sa karagdagang impormasyon sa CTB, mga benepisyo ng pagpapatuloy ng pagsasanay, at iba pang mga mapagkukunan sa paaralan o pagsasanay, bisitahin ang **edd.ca.gov/CTB**.

Ang paraan kung paano inilalapat ng EDD ang batas at patakaran ay makikita online sa *Gabay sa Pagpapasiya sa Benepisyo ng UI*, Miscellaneous na Tomo, sa seksiyon 85, sa **edd.ca.gov/UIBDG**.

edd.ca.gov

Ang EDD ay isang tagapag-empleo/programa para sa patas na oportunidad. Available sa mga indibidwal na may mga kapansanan ang karagdagang tulong at mga serbisyo kapag hiniling. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o alternatibong format ay kailangang ihain sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (voice).
Para sa mga user ng TTY, mangyaring tumawag sa California Relay Service sa 711.